

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA




Sampung Beses na Matatalino

Daniel 1:1-21

Ang Kasaysayan...

Nang lusubin ni Haring Nabucodonosor and lungsod ng Jerusalem ay libulibong Hudyo ang dinalang bihag sa Babilonya. Itinagubilin ng hari sa kanyang aliping si Ashpenaz na pumili ng mga may likas na talino sa mga kabataang bihag na lalaki na paroroon sa palasyo sa loob ng tatlong taon upang magaral ng wika at karunungan ng Babilonya upang maglingkod sa hari. Sina Daniel, Ananias, Misael at Azarias ay nakatawag ng pansin ni Ashpenaz at dinala sila sa palasyo ng hari. Subalit may suliranin. Ang pagkain at alak na hain sa mga kabataang lalaki ay may maraming bagay na ipinagbabawal ng Salita ng Dios.



Hindi nais na lumabas na walang utang na loob, hiniling ni Daniel at ng kanyang tatlong kaibigan na kung maari ay bigyan sila ng pagkaing gulay at inuming tubig. Sa simula ay ayaw sundin ng katulong ang kanilang hiling. “Hindi kayo mananatiling malusog sa pagkaing tulad noon.” sabi niya. “Magkakasakit kayo at sa gayon ay hihilingin ng hari ang aking ulo.” Subalit malumanay na iginiit ito ni Daniel at nagmungkahi ng 10 araw na pagsubok at pagkatapos ang kanilang kalusugan ay ihahambing sa mga kabataang lalaking kumain ng pagkain ng hari.

Pinagkasunduan ang panukalang ito at sa loob ng sampung araw ang apat na kabataang Hebreo ay uminom ng tubig at kumain ng simpleng pagkaing gulay. Sa katapusan ng pagsubok, si Daniel at ang kanyang tatlong kaibigan ay nakitang lalong maganda ang mga mukha at sila’y “higit na mataba kaysa lahat ng kumain ng pagkain ng hari.” Daniel 1:15.

Pagkaraan ng tatlong taon, ang apat na kabataan ay sinubok ni Haring Nebukodonosor, at sila ay ipinahayag na sampung ulit na matatalino kaysa mga matalinong lalaki sa Babilonya. Sinasabi sa atin ng Biblia na si Daniel ay nabuhay nang halos 100-taon. Ano ang nakatulong sa kanya at kanyang mga kaibigan upang sila ay magkaroon ng gayong kalalim na karunungan, kalusugan, at mahabang buhay?



Ang Pag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Ano ang orihinal na pagkaing pinanukala ng Dios para sa mga tao?

Genesis 1:29 *At sinabi ng Dios, Narito ibinibigay ko sa inyo ang bawat pananim _____, ... at bawat punong kahoy na _____ ng punong kahoy na nagkakabinhi, at sa inyo'y magiging pagkain.*

2. Pagkatapos magkasala sina Adan at Eba, anong karagdagang pagkain ang ibinigay ng Dios sa kanila?

Genesis 3:18: *At kakain ka ng _____ sa parang.*

PALIWANAG: Ang orihinal na pagkain ng tao ay mga prutas, butil at nuwes (nuts). Idinagdag ng Dios ang gulay sa pagkain nina Adan at Eba pagkatapos nilang magkasala at hindi na makakain mula sa punong kahoy ng buhay.

3. Ang Dios ba'y may malasakit sa ating pisikal na kalusugan?

Mateo 4:23: *At nilibot ni Jesus ang buong Galilea na nagtuturo sa mga sinagoga nila at ipinangangaral ang ebanghelyo ng kaharian at _____ ng lahat ng sari-saring sakit at lahat ng karamdaman na nasa mga tao.*

3 Juan 2: *Minamahal, aking dinadalangin na sa lahat ng mga bagay ay _____ ka na gaya ng pagginhawa ng inyong kaluluwa.*

PALIWANAG: Itinuturo ng Biblia na ang ating kalusugan ng katawan ay lubhang mahalaga sa Dios. Ginugol ni Jesus ang maraming panahon sa pagpapagaling tulad din sa kanyang pangangaral. Maraming simulain sa Biblia na maari nating sundin upang bumuti ang ating kalusugan at humaba ang ating buhay.

4. Nangako ang Dios sa mga anak ni Israel kung kanilang paglilingkuran at susundin Siya, ay aalisin Niya ang lahat ng karamdaman sa kanila. Tinupad ba niya ang Kanyang pangako?

Awit 105:37 *At _____ sila ... at hindi nakaroon _____ sa kanyang mga lipi.*


PALIWANAG: Isipin lamang ninyo! Nang ang bayan ng Dios ay dumating sa lupang pangako, walang isa mang maysakit o mahinang tao sa buong bansa.

5. Bakit napakamahalaga sa Dios ang ating kalusugan?

1 Cor. 6:19;20 *Ang inyong katawan ay _____ ng Espiritu Santo. Luwalhatiin nga ninyo ng inyong _____ ang Dios.*

Roma 12:1 *Iharap ang inyong _____ na isang haing buhay, _____ na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba.*

PALIWANAG: Nais ng Dios na ang ating katawan ay maging Kanyang banal na tirahan. Kung gayon ay dapat nating piliin na gawin itong isang kaayaayang lugar na Kanyang tatahanan.





6. Ano ang isang mabuting tuntunin sa Biblia para sa malusog na pamumuhay?

1 Cor. 10:31 *Kaya kung kayo'y _____ o _____ o anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Dios.*

PALIWANAG: Dapat nating sikaping mabuhay na ang lahat nating ugali—kahit ang ating pagkain at pag-inom ay ikaluluwalhati ng Dios.

7. Dapat bang gumamit ang mga Kristiyano ng inuming may alkohol?

Kaw. 20:1 *Ang alak ay manunuya, _____ ay manggugulo at sinumang napaliligaw sa kanya ay hindi pantas. Paliwanag: Ang mga inuming may alkohol ay malinaw na ipinagbabawal sa Kasulatan. Ang katagang “alak” sa Biblia ay maaring mangahulugan na pinaasim o hindi pinaasim na katas ng ubas. Gayon din ang katagang “cider.” Ang Mga Kawikaan 23:29-32 ay nagbibigay ng paglalarawan ng Biblia sa pinaasim na alak at sinasabi ng Dios na hindi dapat na tingnan man lamang ito! Ang alak (wine) na dapat lamang gamitin ng mga Kristiyano ay ang “bagong alak”, na hindi pinaasim, matamis na katas ng ubas. Isa. 65:8 Ang bagong alak ay masusumpungan sa buwig.*

8. Ano ang gagawin ng Dios sa mga gumigiba ng kanilang katawan?

1 Cor. 3:16, 17 *Kayo ang templo ng Dios... kung gigibain ng sinuman ang templo ng Dios, siya'y _____ ng Dios.*
Exodo 20:13 *Huwag kang _____.*

PALIWANAG: Anumang bagay o gawaing labag sa kalusugan na sumisira ng katawan o nagpapaikli ng buhay ay dapat na isa-isang tabi. Ang antas-antas na pagpapakamatay ay pagpapakamatay pa rin. At kabilang dito ang nakapipinsalang droga (tulad ng tabako sa lahat ng anyo nito) at ang maraming inuming nagtataglay ng popular subalit nakapipinsalang droga na tinatawag na caffeine. Sinasabi ng Dios na lilipulin niya ang mga taong nalalamang pinipinsala nila ang kanilang templong katawan.

9. Anong hayop ang pinahintulutan ng Dios na kanin ng tao?


Lev. 11:3 *Alinmang may hati _____ na baak at _____.*

PALIWANAG: Upang gawing simple ang mga bagay para sa atin, inilagay ng Dios ang lahat ng buhay na nilalang sa dalawang kategoriya: malinis at hindi malinis. Pinapayagan niya tayong kumain ng malinis subalit sinabing ang hindi malinis ay hindi dapat na kainin. Lahat ng “mam mal” na malinis ay may dalawang katangian: Kailangang sila’y (1) may hati ang paa na baak at (2) ngumunguya. Halimbawa, ang baboy ay hati ang paa na baak, subalit hindi ngumunguya, kaya ito’y marumi.

10. Anong mga uri ng isda at pagkaing dagat ang malinis?

Lev. 11:9 *Ang mga ito’y inyong makakain sa mga nasa tubig: alin mang may mga _____ at mga _____ ay makakain ninyo.*

PALIWANAG: Karamihan sa mga isda ay malinis na pagkain. Subalit ang igat, pating at hito ay kataliwas ng mga ito. Lahat ng nilalang na nasa tubig na walang palikpik at kaliskis ay hindi malinis at hindi dapat kainin. Sa mga halimbawa ay kabilang ang kabibi, pagong, palaka, hipon, talaba at iba pa.





11. Anong mga ibon ang hindi malinis?

Lev. 11:15,16 *Lahat ng uwak ayon sa kanyang pagkauwak at ang*

PALIWANAG: Ang listahan sa Levitico 11 ay ipinakikita ang maninilang ibon, carrion at ang kumakain ng isda na hindi malinis. Subalit ang mga mga ibong kumakain ng damo, tulad ng pugo, manok at pabo ay malilinis.

12. Ang kautusan ba tungkol sa mga malinis at maruming hayop ay bahagi ng kautusang seremonyal ni Moises na nagwakas na sa krus?


Genesis 7:1,2 *Lumulan ka at ang iyong buong sambahayan sa daong; ... Sa bawat _____ na hayop ay kukuha ka ng tigpipito, ... at sa mga hayop na _____ ay dalawa.*

PALIWANAG: Hindi, ang pagtatangi ng malinis at maruming hayop ay nananatili na mula ng Paglalang. Si Noe ay inutusang magdala ng malilinis na hayop sa daong ng tigpipito, at dala-dalawa naman sa marurumi. Ito ay matagal nang utos bago pa nagkaroon ng utos ni Moises.

13. Sinasabi ba ng Dios na ang pagkain ng maruming pagkain ay malalang kasalanan?

Isaias 66:15, 17 *Sapagkat narito, ang Panginoon ay _____ na may apoy, at ang Kanyang mga karo ay magiging parang ipoipo, upang igawad ang Kanyang galit na may kapusukan. ... Silang nangagpapakabanal, at nangagpapakalinis ... na nagsisikain ng laman ng _____, at ng kasuklamsuklam, at ng daga; sila'y darating sa isang wakas na magkakasama, sabi ng Panginoon.*

PALIWANAG: Oo! Ang Biblia ay totoong payak at napakaliwanag upang ito'y hindi maunawaan. Sa Kanyang ikalawang pagdating, ang Panginoon ay pupuksain ang mga nakakaalam ng kahilingan ng Kanyang Salita, gayon ma'y kumakain ng laman ng baboy (pork) at ibang maruruming pagkain.



14. Ano ang payak na tuntuning pangkalusugan para sa mga Kristiyano?

I Corinto 9:25 *At ang bawat tao na nakikipaglaban sa mga palaruan ay _____ sa kahat ng mga bagay.*

PALIWANAG: Ang pagpipigil ay nangangahulugan nang lubos na pagiwas sa mga bagay na masama at pagiging katamtaman sa mga bagay na mabuti.

15. Ang mga simulaing pangkalusugan ng Biblia ba ay praktikal pa ngayon?

- Ang paraan ng pagbubukod (quarantine) ay sinusugpo ang mga nakahahawang sakit (Levitico 13:46).*
- Ang dumi ng katawan ng tao ay kailangang ibaon (Deut. 23:12, 13).*
- Ang paghuhugas ng katawan at paglalaba ng damit ay sinusupil ang mga mikrobiyo (Levitico 17:15, 16).*
- Ang malinis na pamumuhay ay iniwasan ang mga karamdamang sekswal (Levitico 18, Mga Kawikaan 5:1-12; Colosas 3:5, 6).*
- Hindi dapat kainin ang taba (Levitico 3:17; 7:22-24).*
- Ang pagkamuhi at mapait na damdamin ay nakasisira ng kalusugan (Levitico 19:17, 18; Mga Kawikaan 15:17; Sa Mga Hebreo 12:14, 15).*



- G. Ang pagkain nang labis ay nakapipinsala (Mga Kawikaan 23:2)
- H. Ang ating mga katawan ay naangangailangan ng wastong pamamahinga (Awit 127:2; Markos 6:31).
- I. Ang kahalagahan ng paggawa (Exodo 20:9; 10; 2 Tesalonika 3:10).
- J. Ang positibong kaisipan ay mabuting gamot (Mga Kawikaan 17:22; 1 Timoteo 6:6).
- K. Ang paguugali ng mga magulang ay nakakahawa sa mga anak (Deut. 12:25; Exodo 20:5).

PALIWANAG: Ang mga tuntunin ng kalusugan na ibinigay ng Dios sa Kanyang bayan libong taon na ang lumipas ay maka-agham na una sa kanilang kapanahunan. Sa mga bagong kalilipas na mga taon lamang nasumpungan ang mga kapakinabangang dulot ng mga ito.


16. Sa langit ba ay papatay at kakain pa ng mga hayop ang tao?

Isaias 65:25 Sila'y _____ mananakit, o _____ man sa aking buong banal na bundok, sabi ng Panginoon.

17. Paano ako makagagawa ng pagbabago ukol sa pagkain at gawaing pangkalusugan?

Ezekiel 11:18-20 At sila'y _____ ang lahat na karumaldumal na mga bagay na yaon. ... At bibigyan Ko sila ng isang puso at Aking lalagyan ng _____ diwa ang loob ninyo; ... Upang sila'y magsilakad sa aking mga palatuntunan, at ganapin ang aking mga kahatulan at isagawa.

PALIWANAG: Kapag ipinasya nating sundin ang mga batas ng kalusugan ng Dios, naglalagay Siya ng bagong puso sa ating kalooban na magbibigay sa atin ng kapangyarihan na mabuhay nang malusog (Juan 1:12).



Ang Iyong Tugon

Pinarangalan ni Daniel at ng kanyang mga kaibigan ang Dios sa pagsunod sa Kanyang batas ng kalusugan na napakahalagang bahagi ng pamumuhay Kristiyano. Nais mo bang sundin ang mga simulain ng kalusugan sa Salita ng Dios at ihain ang iyong katawan na isang banal na templo na maaring tahanan ng Kanyang Espiritu?

TUGON: _____

Karagdagan

Ang bahaging ito ay mga dagdag na impormasyon para sa dagdag na pag-aaral.

Unawain ang Pangitain ni Pedro

Marami ang gumagamit ng pangitain ni Pedro na nakatala sa Mga Gawa 10:9-28 upang bigyang katarungan ang pagkain ng mga di-malinis na hayop. Sinasabi nilang ito'y nagpapatunay na tinuruan ni Jesus ang Kanyang mga alagad na kumain ng anumang buhay na nilalang.

Gayon man tuwing bababa ang kumot at inuutusan si Pedro na magpatay at kaumain ng di-malinis na hayop ay tumutugon siya, “Hindi maaari, Panginoon; sapagkat kailan ma’y hindi ako kumain ng anomang bagay na marumi at karumaldumal.” Mga Gawa 10:14. Pansinin na pagkaraan ng tatlo at kalahating taon ng pakikinig sa mga aral ni Jesus, ay ni hindi siya nagkaroon ng anumang isipan na ang pagkain ng di-malinis na pagkain ay pinahihintulutan na. Kapansinpansin sa pangitaing ito na kailan man ay hindi kumuha ng anumang kumot si Pedro at kumain.

Ang pangitaing ito ni Pedro ay hindi kailan man naglalayon na banalin ang pagkain ng di-malinis na hayop. Ipinaliliwanag ni Pedro ang kahulugan ng pangitain sa talatang 28: “Ipinakilala sa akin ng Dios na sinomang tao’y huwag kong tawaging marumi o karumaldumal.” Muli sa talatang 34, binuo ni Pedro ang layunin ng pangitain, “Tunay ngang natatalastas ko na hindi nagtatangi ang Dios ng mga tao.”

Ang pabalita ng Dios kay Pedro ay may kinalaman sa paglilinis ng tao at hindi ng hayop. Ang pangitain ay ibinigay upang bigyan ng impresyon ang mga alagad na Judio na huwag nilang tawagin ang mga Hintil na hindi malinis, at ang ebanghelyo ay malayang ipahahayag sa lahat ng tao ng sanlibutan.

Dinadalisay ba ng Panalangin ang Pagkain?

Ang babala sa I Timoteo 4:1-5 laban sa huling araw na pagtalikod ay kinasasangkutan ng mga ilang erehiya—ang pagsunod sa diablo, ipagbabawal ang pagaasawa, at ipaguutos na huwag kumain ng ilang tiyak na pagkain. Marahil ang malubhang di-pagkaunawa ay bunga ng talatang 4, na nagsasabi na ang “bawat nilalang ng Dios ay mabuti.” Ang talatang ito ay nangangahulugan na ang bawat nilalang na bagay ay may layunin. Ngunit iniisip ng iba na ang bawat hayop ay akmang kainin kung maalab na idadalangin at pagpapalain ng dalangin ng pagpapasalamat. Ito’y mangangahulugan na ang panalangin para sa ipis, daga, o paniki, ay gagawin itong angkop na pagkain. Ang gayong pakahulugan ay mapanganib. “Huwag kayong padaya; ang Dios ay hindi napabibiro: sapagkat kung ano ang inihasik ng tao, ay siya naman niyang aanihin.” Galacia 6:7.

Upang huwag tayong magkaroon ng maling kongklusyon, idinagdag ni Pablo: “sapagkat pinakababanal sa pamamagitan ng salita ng Dios at ng panalangin.” Talatang 5. Kung gayon, kailangan munang pagtibayin ito ng Salita ng Dios at ang panalangin ng pagpapasalamat ay babanalin ito upang makain.

Makatutulong na pansinin na ang salitang “pagkain” sa orihinal na wika ay hindi lamang limitado sa pagkaing laman. Ang salitang Griego na “broma” ay may simpleng kahulugan na “pagkain.” Malalaman natin na ang diskusyon ni Pablo ay hindi kinasasangkutan ng di-malilinis na hayop sa Biblia, sapagkat ang mga pagkain na ipinagbabawal ng ilan ay mga pagkaing “nilikha ng Dios na narapat tanggapin nang may pagpapasalamat ng mga naniniwala at nakakakilala ng katotohanan.” Talatang 3.

Madaling masumpungan sa mga Kasulatan ang paglalarawan ng pagkain na nilikha ng Dios upang tanggapin ng may pagpapasalamat (Genesis 1:29; 3:18; Levitico 11:1-22). Ang mga ito ay nangasulat sa mga “naniniwala at nakakakilala ng katotohanan.” Ang Salita ng Dios ang katotohanan. Yaon lamang mga “naniniwala at nakakakilala” ng Kanyang Salita ang maaakay sa mga bagay na “binanal” at nilikha upang “tanggapin na may pagpapasalamat.” Yaong mga “nagpapakabanal ng kanilang sarili” samantalang patuloy na kumakain ng mga di-malinis na pagkain ay pupuksain sa ikalawang pagdating ni Kristo (Isaia 66:15-17).

